



PAGLULUWAL NG BUHAY, PANULAT, PIGHATI, LABAN: ISANG PANAYAM KAY LUALHATI BAUTISTA

Luna Sicat Cleto

BUKLATIN ANG ANUMANG LIBRO O AKDANG ISINULAT NI LUALHATI Bautista, at tiyak na mayroon kang mapapansin. Magaan ang wika, madaling suotin ang sinasabi. Hinihigop ka agad ng kuwento. May siste, may humor. Tila naririnig ang ibinubulong ng iyong utak at palilitawin iyon sa pahina. May opinyon tungkol sa mga nangyayari, pangyayari: sa kultura, sa kasarian, sa pook, sa politika, sa palitan ng dolyar at piso, ultimo kasaysayan at binubuo pang kasaysayan. Pero sa kabila ng pagiging ma-opinyon, hindi mo naman mabitaw-bitawan ang sinasabi. Parang may subliminal na iniwan, may askad, may angas, may kurot, may tahimik na paninimdim. Parang kakilala mo ang mga tauhan. Parang nakarating ka na rin sa lugar. Parang nakinikinita mo na nangyayari sa harapan mo ang mismong eksena. Sa madaling sabi, buklatin mo ang anumang libro o akdang isinulat ni Bautista at alam mong nagbabasa ka ng isang akdang likha ng isang Mananalaysay.

Ibig kong malaman kung saan nanggagaling ang tinig na iyon. Saan kaya sumusuot ang likaw ng utak na iyon? Kaya nang binanggit sa akin na kakapanayamin namin siya, wala akong pasubaling umoo.

Maaari kong ilarawan ang kaniyang bahay – sabihin na puro lungti o berde ang mga pangalan ng kalsada, o ng mismong subdibisyon. Maaari kong tukuyin ang hagabi bench na may linilok na katawang tila representasyon ng unang babae’t lalaki, ang mga poster ng film adaptations ng *Dekada ’70* at *Bata Bata Paano Ka Ginawa*. Ang mga lampshade na may base na lumang makinilya’t sewing machine. Ang capiz na mga bintana. Ang ginupit na glowing review ng kaniyang obra na isinabit malapit sa kusina, naka-frame. Wala kang matatanaw na bulubundukin o dagat. Doon sa kanila, may paiza-isang traysikel, na wika ni Bautista’y mahal sumingil ng pamasahé. Pinakain niya kami ng chocolate chip cookies at Pop Cola, na inihatid ng isang dalagitang kasambahay. Wala akong nasuyod na mga titulo ng mga libro sa isang aklatan (nasa kabilang kuwarto). Wala rin akong natanaw na writing desk (nasa kuwarto niya). May 21” na telebisyon. May tumpok ng mga lumang diyaryo sa may pinto (nag-aantay ng bibili) katabi ng nakaparadang kotse. Bahagya kong nasilip ang kaniyang kuwarto. Wala na siyang mga anak na kapiling. Padalaw dalaw na lang ang mga apo. May kani-kaniya nang mga bahay na inuuwian. Ang ikalawang palapag ng bahay na iyon, aniya, ay buong-buo rin bilang bahay: may banyo, kusina, sala, tulugan. Doon dati nakatira ang pamilya ng anak niya na nasa Australia na ngayon. Pero bihira siyang umakyat. Nang sinabi niya ang detalyeng iyon, alam kong mabibigo ako sa anumang tangkang i-simplify ang kaniyang pagkatao, pagkamanunulat, sa iisang artikulo.

Marami na siyang naisulat na mga nobela at screenplay na may mga paksang tila ketongin nang isinulat sila sa kanilang panahon. Walang gustong lumapit, walang gustong humawak. Lagi, may bidang babaeng may tapang, o makatutuklas ng sarili niyang lakas. Sa *Bata, Bata, Paano Ka Ginawa*, nakilala natin si Lea Bustamante, single parent ng dalawang supling na magkaiba ang ama, hinahamon ang kumbensiyon; si Amanda Bartolome ng *Dekada ’70*, ina’t asawa, na unti-unting namulat sa pagkaina’t asawa, kasabay ng pagkasino sa epekto ng batas militar. Hindi lang buhay ng middleclass na kababaihan ang mababasa: may naisulat din siya hinggil sa pagdidildil ng asin at pagpapahirap ng mga kasamá sa *Sakada*, may hinggil sa mga babae sa bilangguan sa *Bulaklak ng City Jail*; o ang mag-inang sina Anna at Lorena, ang mag-inang pinaghiwalay ng paninindigan

at armadong pakikibaka, sa kaniyang pinakahuling nobela na inilimbag ng Cacho Publishing, ang *Desaparesidos*.

Masasabi nating panulukang bato sa career ni Bautista ang huling akdang nabanggit. Nanganak ang nobela ng mga debate hinggil sa pagsusulat ng mga partikular na paksang kadikit na ng batas militar: ang tortyur, panggagahasa, ang pamilya bilang casualty ng armed conflict, ang mga pagkakanulo, at ang tinutukoy ng mismong pamagat, ang mga desaparesidos. Sino ang may karapatang sumulat ng ganitong mga paksa? Kailan masasabing pag-aari ninuman ang paksa, kung ang karanasan ay malawakan at maraming mga bersiyon ng katotohanan? Kung may dalawang akda na pareho ng paksa, at pareho ng premise, paano irerespeto ang intelektuwal na pag-aari ng nauna? At paano ang negosasyon ng ganitong mga kuwestiyon ng adaptasyon at re-interpretations? Nang ipinalabas ang *Sigwa* nina Joel Lamangan at Boni Ilagan noong Cinemalaya Festival ng 2009, may mga nakapagsabing ang materyal ay tila kamukhang-kamukha ng nobela ni Bautista, isang bagay na alam din mismo ng awtor. Binili ng Viva Films noon pang taong 2000 ang karapatan sa pagsasapelikula ng *Desaparesidos* na bago naging nobela ay isinulat muna bilang screenplay at nanalo sa Philippine Centennial Literary Contest at si Joel Lamangan mismo ang nakatakdang maging direktor niyon. Kaya may kopya si Lamangan ng script. Bukod dito, si Joel Lamangan mismo ang nagdirihe ng dulang pantelebisyon ng *Desaparesidos* para sa GMA telesine noong 1998. Ngunit hindi natuloy ang partnership nina Lamangan at Bautista dala ng mga sirkunstansiya. Pre-production stage pa lang umano, nasa eksena na si Ilagan, isa ring respetadong pangalan sa teatro at pelikula. Hindi natuloy ang artistikong tandem nina Bautista at Lamangan dahil mas nabuo ang pares nina Lamangan at Ilagan. Okay, fine. Nangyayari naman itong mga re-group ng partnerships sa artistikong kolaborasyon. Pero bakit wala man lang acknowledgement ng ambag? Sa salaysay ni Bautista, napakalantad ng pagkakapareho ng idea sa umpisa pa lang: “Yun mismong konsepto na naipit ang isang nanay sa labanan at ibinigay sa iba ang kanyang anak, at ang pinagbigyan niya’y namatayan ng sariling anak at inangkin ang anak ng kasama. Saka niya pinalabas na ‘yung anak ng kasama ang namatay. At nangyari itong lahat sa kaguluhan ng Martial Law – ‘yan ang premise.” Maririnig pa niya na sinisiraan siya sa ibang prodyuser ng direktor, sinasabing bakit siya kinukuha ay napakamahal ng kaniyang talent fee? Pero nilinaw niya na hindi niya alam kung totoo ito. Problematiko ang nangyari kay Bautista dahil may hamon pa si Ilagan na magsampa siya ng

kaso sa korte. Ang katwiran naman ni Bautista, “Civil case lang iyan, pera-pera lang. Sana kung criminal case para may kulong. Saka sa sobrang tagal ng mga kaso sa korte na umaabot ng maraming taon, baka patay na ang mga kaibigan nating ito, hindi pa nadedesisyunan.” Ang mahalaga, sabi niya, ay hindi lang iyong pumatok sa takilya ang pelikula mo o umani ng mga palakpak; mas mahalaga kaysa dito ang integridad mo bilang tao at bilang tao ng sining. Nagkalamat ang samahan at pinagsamahan ng mga sangkot na kapuwa mga artist.

Maaaring senyal na rin ang pagkakawangis na ito ng tila pare-parehong package ng karanasan ng batas militar na naisasalin sa panitikan: tila iisang krisalis ang pinagmumulan ng mga paruparo ng mga idea, iisang yungib na pinagbabangunan ng mga Lazarus. Alam naman ni Bautistang walang nagmamay-ari ng mga idea. Siya pa ang magiging territorial? Hindi ba’t sa kaniya rin nanggaling ang sensibilidad na ang mga supling ay hindi pag-aari ng magulang dahil ang nilalang ay ipinapanganak nang malaya? Giit niya, at least man lang, kilalanin ang kaniyang ambag. Ipa-revise ang materyal sa kaniya kung sa kaniya nga kinuha. Ipinakita niya ang personal niyang DVD copy ng *Desaparecidos* bilang movie for tv na lumabas sa GMA 7 ngunit hindi niya maipadadala sa amin dahil nag-iisa lang ang kopya niya at isang oras at kalahati naman ang gugugulin kung panonoorin namin sa kaniyang bahay at bahagya ko ring pinasalamatan iyon, dala ng kaba kong maging tensiyonado pa ang aming kuwentuhan.

MASUWERTE AKO SA PAMILYA

MAY PANGARAP NA INDIE FILM SI BAUTISTA NA MAGKUKUWENTO NG BUHAY ng kaniyang amang musiko, isang biyolinista. Nabanggit na niya ito sa panayam sa kaniya ni Pennie Azarcon. Naging ahente ng lupa’t bahay si Esteban Bautista, na isa ring retratista’t mang-aawit, kompositor at makata. Laking probinsiya si Mang Esteban, tubong Bulacan na napadpad sa Maynila at naging mang-aawit sa bansag na Binatang Maynila, namumutiktik ang dyaske at damuho sa dila, pinong managalog, bihirang magalit, tinatampal ang palad sa ulo kapag napupuno, mapagmahal na asawa’t magulang. Minsan, noong nagdadalaga si Bautista, may manliligaw ang kaniyang kapatid na ipinakiabot pa ang sulat sa tatay niya mismo, alam na alam naman na ang kaharap niya ay ang magulang mismo ng pinipintuho. Isa ito sa mga anekdotang ikinatutuwa ni Mang

Esteban na ulit-ulitin sa pamilya. Sa tingin ni Bautista, masuwerte siya sa kaniyang magulang, lalo sa ama, at tingin niya'y isa itong salik ng kaniyang tagumpay na tinatamasa ngayon.

Ikinasisiya niya ang pagtugtog nito ng biyolin. “Ako ang kanyang pangunahing tagapakinig, ang kanyang masa.” Biyolin ang pang-aliw, at kung minsan, pampakalma sa tahanan kapag nagkakatatampuhan. Tumitiklop ang sama ng loob niya kapag naririnig na niyang tinutugtog ang kaniyang mga paboritong piyesa. Noong 2002, nang isinapelikula ang ***Dekada 70***, isinama ang isa sa mga komposisyon ng ama niya, at ito ay ang awit na “Gamugamo”. Muli niyang nakasalamuha ang mga orihinal na komposisyon ng tatay niya noong mag-grand reunion silang magkakamag-anak noong 2009. Inawit ng kaniyang mga kapatid ang mga kantang natatandaan nila. Hindi kumakanta si Bautista dahil malimit siyang kantiyawan ng ama: “Mahusay na manunulat ang anak kong ‘yan,” sa tuwing siya’y aawit, na gagatungan rin ng kaniyang mga kapatid at sila’y maghahagalpakan. Ito ang dahilan kaya nahiya siyang kumanta sa harap ng mga tao.

Bukod sa pagtugtog ng biyolin, nakapagtayo rin si Mang Esteban ng banda sa mababang paaralan kung saan nagtapos si Bautista ng elementarya. “Noong araw masaya ang pista ng Tondo sa gabi kadalasan dahil may mga labanan ng banda. At nanonood sila ng nanay ko.” Sampung taon ang agwat ng edad ng kaniyang mga magulang. Malimit mag-alaskahan na kaya nagustuhan ng babae kasi’y panahon iyon ng Hapon, “Pag wala kang asawa, kinukuha ka ng Hapon,” at sasagot naman ang lalaki ng, “Ikaw nga ang sulat nang sulat sa akin e.” Siyam silang magkakapatid pero lima na lang ang buhay: dalawa ang namatay sa pagkasanggol, isa sa edad disisais (rheumatic heart) at ang isa ay nito lang nakaraang taon. Purong Filipino ang mga pangalan ng mga babae: Ligaya, Lualhati, Luningning, Aliw, Marilag, Paraluman. Ang mga lalaki nama’y heneriko: Enrico, Dante at Cesar.

Naroon ang ama sa anumang mahalagang okasyon ng buhay-mag-aaral nilang mga magkakapatid. May mga eksenang mapagkit ang kapit sa kaniyang alaala. “One time, nasa stage ako, hindi makakarating ang aking ina dahil kapapanganak pa lang. Buong akala ko wala nang pupunta. Nang biglang makita ko ang tatay ko, tumatakbo, lumalapit sa stage, kumukuha ng mga retrato, parang sine, parang sine talaga.” Nang unangg mailathala ang kuwento niya sa *Liwayway*, nagpaabot sa kaniya ng advance copy ang publikasyon. Nang malaman ito ng tatay niya’y inikot nito ang lungsod, pinakyaw ang lahat ng mga kopyang mabibili sa bangketa, ipinamigay sa mga



kaibigan, hanggang sa maubos maging ang supply ng mga dealer. “Maririnig ko siya sa telepono, may kausap, *damoske, magbabayad naman ako*, bakit daw wala nang gustong magbenta ng *Liwayway* sa kanya, magbabayad naman siya?” Noong dumami na ang mga kuwentong nailathala ng anak, naging ordinaryo na sa tatay ang pagkakalimbag. Ngunit hindi kumupas ang paghanga sa kakayahan ng kaniyang anak na kasundo niya’t kaibigan.

“Siya ang nagbukas ng aking imagination. ‘Yung nabasa mong sinabi ko sa interview kay Pennie Azarcon, totoo ‘yon.’ May teleskopyo ang tatay niya noong bata pa siya, at sinisilip nila ang mga bituin sa langit. ‘Isang beses, tinanong ko sa kanya, ‘Paano ko kaya mapupuntahan ang mga bituing iyon? At ang sabi niya, ‘Balang araw, igagawa kita ng hagdanan para maakyat mo ang mga bituin.’ At tinanong ko siya, ‘Paano ka? Sasama ka ba sa akin?’ At sabi niya, ‘Hindi, dito na lang ako para pag nangyaring nahulog ka, masasalo kita. Pero sigurado akong hindi ka mahuhulog. Dahil hindi ka takot na umakyat.’” (Azarcon, 2008). Ang debosyon ng ama’y hindi lamang sa anak na nagsusulat. Natatandaan ni Bautista na sa gabi, kapag maalinsangan, pinapaypayan sila ng magulang. At sasabihin pa nitong, “Kunwari, mga inihihaw kayong mais!”

Nakuha niya sa tatay niya ang katapangan niyang mag-isip. Nakakausap niya ito sa kahit na ano. Walang maraming bawal, walang usaping bawal. Nag-aaway din paminsan-minsan ang mga magulang, lalo na noong dinibdib ng tatay ang pagkamatay ng unang anak na lalaki noong eleven months old pa lamang at natuto itong bumabad magdamag sa pinball machines. Kalaunan na lang daw niya na-realize na hindi ma-console ng tatay niya ang nanay niya dahil hindi nito ma-console mismo ang sarili. Wika ni Bautista, hindi nagsisigawan ang kaniyang mga magulang kahit na nag-aaway, hindi eskandaloso. Habang hindi umuuwi ang tatay niya, nakahiga sa papag si Nanay kasama silang magkakapatid, hindi umaakyat. ”Naiisip ko kung bakit hindi kami umaakyat. Natatakot ba siya sa multo, ganoon?” Hanggang sa maunawaan niya na kaya hindi makatulog ang ina’y wala pa ang asawa niya. Kapag nagkakatampuhan, umuuwi silang mag-iina sa mga lola niya. At doon na sila susunduin ng tatay niya kinabukasan. “Sasalubungin na siya ng lola ko sa pinto. *Sinverguenza!* Wala naman akong maintindihan sa sinasabi ng lola ko na nagka-Kastila. Tapos pag magdarasal na kami ng Angelus, lumuluhod kami ng isang pinsan ko sa bandang likod. *Simplikado konsumido Amen*, ‘yun ang natatandaan kong isinasagot namin sa dasal. At pinagtatawanan namin ang mga nangingingitim

na talampakan ng mga nakaluhod!” Palasimba ang lola niya, lahat ng santo dinadalaw.

“Minsan natatandaan kong nagalit talaga siya (ang tatay) dahil nakita niya kaming kasama sa prusisyon, at gutom na gutom na ako. Hinugot niya ako sa prusisyon at dinala sa kainan, at galit na galit siya sa tiya ko, sa nanay ko, sa lahat.” Iyan lang ang namumukod na anekdotang ikinuwento ni Bautista kung saan nakita niyang nagalit talaga ang ama. Pero maliban dito, isa siyang uliran. Katuwang sa gawaing bahay, at hindi katulong, ang turing ng tatay niya sa ina. Siya ang tipo ng lalaking nagluluto, namamalengke, at naglalaba ng lampin (sa panahong wala pang disposable diapers). Hindi naninigarilyo. Kung may bisyo man, iyon ay ang pagtaya sa mga kabayo ng Sta. Ana at ng dating San Lazaro. Natatandaan ni Bautista ang isang eksena, matapos ang pangalawang atake ng ama noong 1984. Nasa intensive care unit sila ng ospital sa UST, sinabihan sila ng doktor na ihanda na ang loob dahil matanda na ang tatay at posibleng mamatay. Nang nagdedeliryo na ang ama, nataranta sila. Pero nagbiro ang isang kapatid, ang sabi, “Huwag kayong umiyak. Akala n’yo mga pangalan natin ang tinatawag? Hindi. Mga pangalan ng mga kabayo ‘yun.” Napahagalpapak kami sa kuwento.

Pumanaw na ang kapatid niyang lalaking ito, si Boy o Cesar, noong nakaraang taon, biglaan din ang pagkamatay, kagaya ng ama na pumanaw noong 1992. Ugali ng tatay niya na magpaaraw sa umaga. At noong Pebrero 14, 1992, nagkamali ng pagdiin sa pinto na nagkataong bukas pala, bumukas ang pinto at humagis si Tatay. Apat na tadyang ang nabali at naitakbo naman sa ospital, pero doon na nag-cardiac arrest. Inihanay ni Bautista ang paralelismo ng mga pagpanaw ng mga lalaking kadugo: biglaan, atake sa puso, taranta sa ospital, pero wala na. Ang kapatid naman niya, bigla raw nginig na nginig ang buong katawan, halos hindi makatindig, itinakbo sa ospital, dead on arrival. “Ang tindi ng denial ko. Paulit-ulit kong tinitingnan ang mukha niya sa kabaong. Paulit-ulit kong tinatanong: si Boy ba iyan? Sigurado ba kayo, si Boy iyan? No’ng ililibing na lang siya, saka ko inamin, oo, si Boy ‘yan, huwag ko nang lokohin ang sarili ko. Kamukha siya ng tatay ko at kamukha din ng anak niya. “

Mas matindi ang nanay niya na nang unang matanaw ang kabaong ng anak, ayaw bumaba ng sasakyan at pumasok sa bahay nito. Ang tagal ding tumanggi na dumalaw sa libingan nito at nang sa huli, makumbinse nilang sumama sa kanila sa memorial park noong birthday ni Boy, ayaw iharap ang wheelchair niya at tumingin sa libingan ng anak.

“At siyempre,” dugtong niya, “huwag din nating kalilimutan ang asawa’t mga anak ni Boy. Namatay si Boy yakap ng anak niyang babae dahil ito ang nagtakbo sa ospital. Pareho sila ng tatay ko, yakap ng anak na babae sa mga huling sandali ng kanilang buhay. Ang kapatid ko ring si Marie ang nagtakbo sa tatay ko sa ospital, yakap niya habang daan. Pareho nilang pinipilit buhayin ang ama, pinilit pang buhayin ng mga doktor. Ang kapatid ko, sinaksakan ng kung anu-anong iniksiyon, minasahe at kinoryente ang puso. Pero wala na talaga. Wala noon ang asawa ni Boy dahil inutusan niya, nasa opisina naman ang panganay na anak na lalaki. Naiwan sa bahay ang bunsong anak niya, trese anyos pa lang, na siya namang tumawag sa bawat isa sa amin. Paspas daw ng patakbo ng kotse ang isa pang kapatid kong lalaki—tulad din noon nang ang tatay ko ang itinakbo sa ospital. Pero tulad din sa tatay ko, hindi man lang nga niya inabutan nang buhay si Boy. Pareho silang sa Cavite nakatira; kaming mga babae, dito sa Quezon City.

“Mula nang mamatay si Boy, parang masyadong mahigpit na naming binabantayang magkakapatid ang isa’t isa, pati na ang asawa’t mga anak ni Boy. Nagkikita-kita na, nagtatawagan pa. Nagte-text na, nagcha-chat pa. Parang sinisiguro lagi na ando’n pa ang bawat isa sa amin. Iba rin kasi ang pagkamatay ng tatay ko sa pagkamatay ng kapatid ko. Ang tatay ko nang mamatay, 76 na; si Boy, 51. Nasa prime of life.”

Sumabay ang isang speaking engagement ni Bautista sa exit ng tatay noong 1992, naimbitahan siyang magsalita sa may tatlo-apat na libong katao sa isang eksklusibong eskuwelahan noon sa San Lorenzo Village. “Hindi ko na matandaan ang pangalan ng eskuwelahang iyon, parang biglang nabura sa isip ko noon pa man. Hindi ko maalala kahit ano ang gawin ko. Kahit ngayon, maliban sa detalyeng alam kong tinanggihan ng eskuwelahang iyon si Kris Aquino, dahil nag-aartista siya.” Itinuloy niya ang pananalita, at pagdating sa bahay, hindi na nakapagbihis, dere-deretso na ang pag-aasikaso sa lohistika ng pagbuburol at paglalamay.

Mas marami man siyang anekdota sa kaniyang ama, at tila tahimik siya sa pagsasalaysay hinggil sa kanyang ina, hindi niya nakaliligtaang kilalanin ang ambag ng nanay niya sa kanilang paglaki. Kasama ang nanay niya sa henerasyon ng mga babaeng nasa bahay lamang: tanggap ang papel nila bilang ilaw ng tahanan. Ginaya pa nga ni Bautista kung paano ito magsalita: pigil na pigil, sukat na sukat ang mga kataga, pero dama ang pag-aalala at malasakit sa mga salita. Oo, walang pasubaling ang tatay niya ang artist at supportive father. Pero hindi nangangahulugang hindi makasining ang ina.

Natuklasan niya iyon nang mabasa niya ang isang sulat nito na pinatingnan sa kanya. Nagulat pa siya nang nakita niyang may sarili itong style, may artistic flair. Na marahil kung nabigyan ng pagkakataon, naging manunulat din ang kaniyang ina.

LUALHATI, PAANO KA GINAWA?

MAY NAIKUWENTO RIN SIYANG EKSENA NOONG KANIYANG KABATAAN. LUMABAS silang magkakaibigan at ginabi ng pag-uwi. Naabutan niya ang nanay at tatay niya na nasa gitna ng kalsada, hinahalihaw ng flashlight ang bawat dumarating. Nakaramdam siya ng pagkapahiya. Sabi ng tatay niya, “Hindi pa lang kayo mga magulang ngayon kaya hindi n’yo pa naiintindihan ang damdamin ng magulang. Maiintindihan n’yo lang ang kalooban namin pag nagkaroon na kayo ng sariling mga anak.” Naunawaan nga lamang niya ang lagay ng mga magulang, partikular ang ina, nang siya ay magkaroon na ng sariling supling. Ang anak niyang lalaki, naisipang magpalipad ng kalapati kasama ang mga kabarkada. 13-14 years old ito noon. Dinala nila ang mga kalapati sa dulong bayan ng Bulacan at pinagpustahanan kung kaninong kalapati ang unang makakauwi. Nakarating ang mga kabataan sa probinsiya, wala nang pamasahing pauwi, at kung hindi sa pagmamagandang loob ng mga tsuper ng dyip na pinayagan silang sumakay kahit walang pambayad, marahil hindi na makauwi. Dadalaw ang sentimyentong ito sa isang eksena sa *Dekada 70*, sa isang eksena ng paghahalintulad ng ibon sa mga bata.

“Masarap lang maging ina habang maliliit pa’ng mga anak mo, habang wala pa silang sinasaktan sa ‘yo kundi kalingkingan ng paa mo na natatapanan nila sa kapipilit na magpakarga. Pero hintayin mo ang panahong kasintaas mo siya, ‘yong pagkakaroon niya ng sariling isip at buhay, buhay na hiwalay sa ‘yo, at matitikman mo sa kanya ang mapapait na kamatayan.”(Ibid:52)

Kasama sa mapapait na kamatayang ito ang pagtukoy ng sariling landas ng anak, na maaring hindi inakala ng magulang na tatahakin ng sariling kadugo. Ngunit itinatangi mismo ni Bautista ang reading na autobiographical ang kaniyang mga nobela. Kaugali man niya o kawangis ng likaw ng isip sina Lea Bustamante at Amanda Bartolome, hindi siya ang mga ito kundi mukha sila ng maraming babaeng katulad niya:

“Siya, si Amanda Bartolome, ay tulad rin ng maraming ina na nakatali na ang buhay sa pag-iintindi sa buhay ng kanilang mga anak. Araw-araw na nakikita ko ang ganitong babae, pero araw-araw ding natutuklasan ko na

kahit ang ganitong babae ay hindi *totoong* ina na lang at wala na. Pagdating sa mga anak, lahat ay gusto nilang maibigay; pero pagdating sa sarili, meron din siyang gustong mangyari.” (Bautista, 1983:5)

Mabagal, at unti-unti, ang proseso ng pagtuklas kung ano ang kaibhan ng buhay ng babae sa buhay ng lalaki. Natumbok niya ang konsepto ng kalayaan at paggalang sa pagkakapantay sa karapatan ng tao sa pagmamasiid at kalituhan. At magsisimula ang matatalas na pagmamasiid at pagtatanong sa kaniyang kabataan. “Ang mga kaklase kong mga lalaki, puwedeng lumundag sa baitang ng hagdan sa eskuwelahan. Bakit noong ako na ang lumulundag sa mga paso’t baitang ay pinagsasabihan ako na “Kababae mo pa namang tao”? Ang mga kaklase kong lalaki, iniipitan ka ng sulat sa notebook o libro. Bakit pag ang babae na ang gumawa, malandi na siya? Nagkakasya sa padaan-daan sa tapat ng bahay ng type nila? Paano mo sasabihin na tayong mga babae ang namimili, samantalang namimili lang tayo sa kung sino lang talaga ang namamansin sa atin? ‘Yon, e. Unti-unti ‘yon.’”

Hanggang sa usapan ng pag-aasawa, hinahamon ni Bautista ang ideyang bakit kailangang mamili sa pamilya at career. Makakasalubong niya maging sa resepsiyon, persepsiyon, at produksiyon ng kaniyang mga akda ang klasikong dilema na ito. Payo ng editor ng *Liwayway*, halimbawa, kailangang tukuyin ang mabuting babae: “yung tipong “stay at home, ‘yung marunong magluto”. Natawa si Bautista sa naalalang payo ng editor na iyon, si Gervacio Santiago, na malambing niyang itinuring na pangalawa niyang ama at tinawag na “Mang Basyong”. “Hindi ako marunong magluto, kaya ko lang, prito, gisa. ‘Yun lang,” biro niya. Inungkat ko ang isang urban legend na narinig ko sa mga sirkulo ng mga kabataang manunulat noong dekada 80. “Totoo ho bang hindi kayo masyadong mahilig maglaba? Na noong panahong nag-aaral ang mga anak niyo’y bumibili kayo ng sangkaterbang mga uniporme at pag naisuot na, tapon?”

Nangiti ang awtor. Hindi naman daw, sayang naman daw iyon. Ang sabi niya, bago niya isinulat ang una niyang nobela, ang ‘*Gapo*’ nag-ipon siya nang nag-ipon. Itinabi niya ang kinita niya sa pagsusulat ng mga teleplay. Binili niya ang mga uniporme sa palengke at hindi sa mga department store. At habang nagsusulat, kapag hinubad na ang uniporme, sinisipa na muna niya ang damit sa ilalim ng sofa, at magpapatuloy siya sa pagmamakinilya. May naging karelasyon din siya, si Tony, na napaka-supportive sa kaniyang pagsusulat. Tatay ito ng kaniyang bunso. “Pagkaano naglalaba na ‘yan ng mga damit ng anak ko, kahit ng mga anak ni Levy. Nag-aasikaso ng pagkain

at nagplaplantsa.” Sinkronisado ang pagbili nito ng ulam sa pagtigil ng gawain ni Bautista. Tila na-anticipate kung anuman ang pangangailangan niya. “Noong isinusulat ko ang *Gapo*, nag-breakdown ang makinilyang ginagamit ko. Alam mo, inismagel ako ng kapatid ko sa opisina nila sa kalaliman ng gabi, ang Bureau of National and Foreign Information para may magamit akong makinilya. Si Tony ang driver, ang tagabili ng pagkain, ang bantay namin magdamag. Siya din ang taga-punch at taga-folder ng manuskrito. Ang mga unang pinakamahuhusay na obra ko, *Gapo*, *Dekada*, *Bata-Bata*, *Bulaklak sa City Jail*, nagawang lahat no’ng panahon na kami ang magkasama. Pati na iyong dalawang short stories na nanalo din sa Palanca.” Ironiko na hindi man lang niya napasalamatan ito sa kahit na anong naisulat niyang libro. Namatay na si Tony. Nalumbay siya sa kamatayan nito, tila nawalan ng sense of security, nakalutang. Ngunit inisip niya, hindi siya puwedeng lumutang lang; mayroon pa siyang mga dapat sulatin, maraming dapat harapin. Ang dami pa niyang mga ambisyon, ang dami pa niyang gustong isulat.

TANONG, PAANO KA NAILULUWAL? IDEA, PAANO KA DUMARATING?

WALANG ISINALAYSAY NA PROSESO NG PAGSUSULAT SI BAUTISTA. WALANG recipe. Nahahagingan lang na mayroon, at nakalapat ito sa pang-araw-araw rin niyang buhay. “Ang akala ng iba, nanonood lang ako ng tv. Hindi nila alam, nagtratrabaho na ang utak ko noon.” Idiniin niya ang halaga ng mga matitingkad na imaheng nasasagap sa pang-araw-araw na buhay. Ibinahagi niya na mayroon siyang nabuong karakter na luka-luka, na base sa isang baliw na babae sa kanilang lugar noong maliit pa siyang bata. “Tuwing maliwanag ang buwan at naglalaro kami, nandoon siya sa bintana, nakadungaw, tula nang tula.” Matagal na ang karanasang iyon, bata pa siya, ngunit maisusulat niya ang tagpong iyon, ang luka-lukang iyon, pagkaraan ng maraming taon sa “*Sumakay Tayo sa Buwan*” (1995). Parang may nalulon siyang bagay na dinidigest ng bituka ng imahinasyon, at naghihintay ng tamang panahon para lumabas.

Sinabi rin niya na ang karamihan sa mga manunulat na natitipuhan ng mga literary circle – gaya nina Gabriel Garcia Marquez -- ay nabasa niya lang noong nagkapangalan na siya. Walang gatol niyang ipinagtapat na ang pinakapaborito pa rin niyang nobela’y ang *Noli Me Tangere* ni Jose Rizal. Na hindi nakapagtataka, dahil bakas rin sa kaniyang akda ang sensibilidad

na sapulin ang milieu, lumikha ng mga tauhang kapag tinusok ay may dadaloy na dugo, humabi ng mga kabalintunaan at magpatawa sa satirika't ironiya. "Minsan hindi ako nagbabasa kapag mayroon akong gagawin kasi hindi ako makakabasa ng tuloy-tuloy." At siya ang tipo ng mambabasa na binabasa niya ang lahat kapag talagang naibigan niya ang estilo't idea ng awtor. Binasa niya at tinapos ang *The Grapes of Wrath* ni John Steinbeck sa loob lang ng isang buong magdamag, ang *The House of the Spirits* ni Isabel Allende sa loob ng isang maghapon. Kahit noong bata pa siya, sa pagdating ng rasyon nila ng *Liwayway*, "cover to cover" siya kung magbasa, pati mga anunsiyo, binabasa niya. Inamin rin niya na mahilig siyang manood ng *Tom and Jerry*, maging ng *Juan For All*, *All for Juan*, *Face to Face*, *The Price is Right*, at *Bubble Gang*.

Ito kaya ang sekreto kung bakit napupulsuhan niya ang ibig basahin ng ordinaryong tao? Walang pagtatakip o pagkapahiya ang pag-amin niya sa pagkonsumo ng kulturang popular. Hindi rin daw siya naimpluwensiyahan ng mga manunulat sa Ingles. Mas malakas ang impluwensiya ng *Liwayway* sa literary career ni Lualhati Bautista. Taas noo niyang sinabi na ito ang binabasa nila sa pamilya, at ito ang lathalaing inambisyon niyang mapaglathalaan ng kaniyang kuwento. Matapos ang elementarya niya sa Emilio Jacinto, naghay-iskul siya sa Torres High School (sa dating Ismar Annex na ibinukod na at pinangalanan nang Gregorio Perfecto sa kaniyang kapanahunan). Pinag-aralan niya kung paano gumamit ng makinilya. Tinuklas niya kung paano mapupuntahan ang opisina ng *Liwayway*. Dati, isinusumite niya ang kuwento sa koreo. Hanggang sa magdesisyon siyang isumite ang natapos niyang manuskrito nang personal. Bakit? Dahil kinakantiyawan siya ng isang pinsang lalaki na nakatira sa kanila kapag isinasauli na sa koreo ang manuskrito. "E hindi mo maitatangging manuskrito ang laman ng sobre, ang kapal kasi," pakli niya. Naka-school uniform pa siya nang una niyang hanapin ang tanggapan ng *Liwayway*. 16 years old siya noon.

Siya ang tipo ng estudyanteng hindi mapakali. Madalas mapagsabihan dahil maingay, malikot, at nasusutsutan. Hindi palaaral. Magmula nang matutong bumasa't sumulat, nagdrowdrowing na ng mga kuwento, may thought balloon at captions. "Ang titser ko nga noong grade 1, si Mrs Marcial, kinumpiska ang mga drowing ko. Aakalain ba niyang magiging dakila ako balang araw?" pabiro niyang sabi. Noon pa man, alam na niya ang gusto niyang gawin. Gusto niyang magkuwento. Ayaw niyang nasa loob ng klasrum. "Parang gusto ko nang magsulat. Gusto ko ng holiday. Bakit ba

mga titser ang nagdidikta ng holiday ko?” Gayunman, hindi siya nahuhuli sa klase. Laging mataas ang kaniyang mga marka. “Ano ba ‘yung tawag sa araw na magiging teacher ka ng isang araw? Ako ‘yung kinukuha nila doon. Pag dadalaw ang mga bisitang bisor, ako yun, ako ‘yung ihinaharap ng mga titser.” Matapos ang hay-iskul, nakaisang semestre lang siya ng kolehiyo sa Lyceum. Hindi na niya itinuloy. Wala na siyang interes.

Sa mga panahong ito, nababasa na niya sina Edgardo Reyes, Efren Abueg. Pero ang pinaka hinangaan niyang talaga ay si Levy Balgos de la Cruz, isa sa mga maningning na pangalan ng panitik sa *Liwayway*, kasama sa mga bagong dugo. Ang lalaking ito na kaniyang hinangaa’y magiging asawa niya kalaunan. Tuloy-tuloy ang pagsusumite niya ng mga akda sa publikasyong ito, at nakatuwaan siya ng patnugot na si Gervacio Santiago. “Ang tatay ko ang nagbukas ng pinto ng aking imahinasyon, ang nagpunla ng binhi, pero inalagaan din ako ni Mang Basyong bilang manunulat.” Natatandaan niyang sinabi nito na “Iba ang maging mahusay na manunulat sa maging mahusay na tao. Kailangan mo munang maging mahusay na tao bago ka maging mahusay na manunulat.” Mentor ang nakatatandang manunulat na ito’t isa siya sa mga unang gumalang sa talent ni Bautista. Talagang inaasikaso siya nito kapag siya’y napadaraan doon, “Binibitiwan niya ang kahit ano na kanyang ginagawa.” Dahil kilala ni Mang Basyong ang likot at tigas ng ulo ni Bautista’y nagsusungit-sungitan ito, may patpat pang pinang-aamba kay Bautista kapag kinakalikot na nito ang mga bagay sa kaniyang mesa. Close na rin sila kaya napagtatapatan siya ng mentor ng mga off-the-record na puna sa mga manuskritong dumaraan sa kaniyang mga kamay: maganda ang materyal ngunit bumubulagsak, tila may kulang. “Kung ikaw ang nakaisip ng kuwentong iyon, tiyak ko na mas magandang naisulat at mas may puso.”

Di nagtagal, dala na rin ng mainit na pagtanggap sa kaniyang mga naisusulat, naging ikalawang tahanan na rin niya ang *Liwayway*. May binanggit siyang dalawang babaeng nakasabayan niya bilang mga manunulat: sina Josefina Corpuz at Erlinda Namora-Sietereales. Magkakasama silang bumibisita doon tuwing hapon, “medyo nanggugulo,” at nakakagulo nga marahil dahil isang araw, ipinaskil na sa library doon na tambayan nila ang karatulang: “work more, talk less.”

Spoiled ang Tres Marias na ito sa tanggapan. Malaya silang nakapag-uuwi noon ng supply ng newsprint, carbon paper at typewriter ribbon. Kapag natanggihan ang naisulat, ipinalilista pa nila sa kantina doon ang kanilang



kinaing meryenda bilang ganti, na nakapangalan kay Mang Basyong. Isang kapilyahan ang naikuwento rin ni Bautista, kapilyahang nakapagluwal rin ng isa pang nobela. “Nangupit kami ni Josefina Corpuz ng mga coupon bond na may letterhead ng *Liwayway*, at gumawa kami ng sulat para kay Director Alejo Santos na noon ay superintendent ng National Penitentiary, kinopya namin ang pirma ni Mr. Laudico (ang editorial director) na kunwari, inassign niya kami na sumulat ng artikulo tungkol sa mga bilanggo ng death row. Wala lang, curiosity lang.” (Bautista, 2011:1)

At namatay nga ba ang mga pusa sa kuryosidad na ito? Taliwas sa inaasahan, nang mabunyag ang ginawa nilang kapilyahan (nagkataong pumunta sa *Liwayway* ang isang taga-opisina ng National Penitentiary na contributor din ng magasin, at ikinuwento na may dalawang kabataang dalaga na nag-interview ng mga bilanggo sa death row. Tinukoy ang kanilang mga pangalan.) Hindi sila nablacklist. Bago pa man sila nasabon ni Laudico’y may isang kapuwa manunulat ang nagtanggol sa kanila, si Virgilio Blones, o si Mang Ilyong. Hindi nito kinukunsinti ang pamemeke sa pirma ng nakatataas, ngunit lubos nitong naunawaan na ibig nilang umalis sa kanilang comfort zone para makasulat. Tila pinagtiyap rin ng pagkakataon na natuwa sa kanila ang direktor ng Penitentiary maging ang asawa nito. Si G. Alejo

Santos mismo ang lumiham sa superintendent ng Correctional Institute for Women para payagan sina Bautista at Corpuz na pumunta doon at mag-interview ng mga bilanggong babae. Pagdating sa Correctional, hiniling nila na makatulog sa dormitoryo pero hindi sila pinayagan. Sa opisina lang sila nagmagdamag, pero isinasama ng guwardiya sa pag-iinspeksiyon sa dormitoryo sa kalaliman ng gabi. Hindi mapalampas ang pakikitalamitam nila sa mga babae ng Correctional. Mga artikulo sa *Kislap* ang nailuwal mula sa karanasang ito. Masusundan ang adventure nang imbitahan sila ng isang manunulat na pulis-Maynila rin na si Leonardo Buluran kung ibig nilang bumisita sa Manila City Jail. Dito namulat si Bautista na ibang-iba ang kondisyon ng Correctional sa city jail. Dito muling pumitak ang kamera, ang thought balloons, at ito rin ang nagpunla ng idea para sa ***Bulaklak ng City Jail***. Bagamat tulad ng ***Sumakay Tayo sa Buwan***, maraming taon din muna ang lumipas bago iyon naisulat (1983).

May stamina rin siya na gawing tuloy-tuloy ang pagsusulat, tuloy-tuloy ang konsentrasyon, na asset para sa pagsusulat ng nobela o ng screenplay. Minsan pinansin siya ng nanay niya. Katatapos lang niyang isulat noon ang isang nobelang isinulat para sa Palanca. Naisipan niyang maglinis ng bahay. “Ano ka ba naman, kahit nga mga makina, nagpapahinga!” Nangingiti lang siya dito, dahil hindi naman sa kailangan niya ng pahinga, maalwan namang rinerelease ng katawan niya ang enerhiya, kasama lang ang paglilinis sa mga “spur-of-the-moment” na gawain, hindi routine.

Kapag nagdidisenyo siya ng nobela, gumagamit rin siya ng notes. Sa ***Dekada***, halimbawa, may notecards na nakadetalye ang kapanganakan ng mga tauhan, nakasulat rin doon ang mga current events na kasabay ng mga panahong ipinanganak sila. Pero hindi niya naitago ang gaya ng mga bakas ng pagluluwal ng akda, naitapon niya ang notecards na ito. “Malay ko bang sisikat ang ***Dekada***? Siyempre hindi ko pa alam ‘yun. Pinangarap ko lang na manalo uli sa Palanca para mapatunayan ko sa sarili na hindi lang tsamba ang pagkakapanalo ng ***Gapo*** (na una nang nanalo ng grand prize noong 1980).” Hiningi ng Ateneo Library of Women’s Writings (ALIWW) ang kaniyang mga borador, at ido-donate na sana niya ang mga libro. Pinakopya na niya ang mga serye ng teleplay, ipina-bookbind, pero naiwang nakatambak sa ikalawang palapag ng kaniyang bahay, nawala na sa isip niya. Kasama siya sa mga pinarangalan ng ALIWW noong Araw ng Kababaihan ng 2004.

Isa rin sa asset ni Bautista’y alam niya kung paano dumiskarte sa industriyang kinapapalooban ng writer. Dalawa ang mundo ng panulat

na nalalagusan niya: ang domain ng kulturang popular, at ang domain ng babasahing binansagan na literary. Naging patnugot siya ng Valentine Romances, at ang eksperimental na romance series ng Anvil. Hindi siya nagtagal bilang patnugot ng Valentine. “Kaya ako umayaw kasi baka magkaroon kami ng conflict ng mga kaibigan ko kasi marami akong puna sa mga isinusulat nila. Kaya ang sabi ko, huwag na lang ako, kunin na lang nila si Ben Pascual, dating taga-*Liwayway*, mahusay na editor.”

Nariyan ang pormula ng romance, pero nagagawa niyang maigala ang imahinasyon sa mga parametro nito. Sa kaso ng Anvil, naging sariwang ihip ng hangin ang karanasan. Bukas ang estilo – bahala ang contributor na ipinangalandakan ang mga porma at teknik na halaw sa mga modernistang akda – ang stream of consciousness, ang pastiche, ang impluwensiya ng screenwriting. Ilan sa mga sumabak at nalathala sa serye’y sina Cris Papa, Lourdes Vidal, Ago Diokno, JJ de la Rosa, Rolando Fulleros Santos, Rolando Tolentino at Joi Barrios.

Alam niyang nakataya ang kaniyang pangalan, byline man ito ng screenplay, artikulo sa *Kislap* o *Liwayway*, novella ng isang NGO, romance novel na inilimbag ng malaking publishing house o entry sa Palanca. Parepareho ang intensidad ng ibinubuhos niyang kalidad. May himig na tila nagpapasalamat siya na nakasalamuha niya sa mga writing project ang mga ka-wavelength din niya, tulad ni Chito Roño, o ni Ishmael Bernal, o ni Lino Brocka. At tapat din niyang inamin na may rapport ang working relationship nila ni Joel Lamangan kung produksiyon para sa telebisyon ang pinag-uusapan. “Kasi pag tv, under pressure siya at wala na siyang pagkakataon na makialam sa script. Shoot na lang ng shoot. Wala na siyang time,” nagtatawang sabi ni Bautista.

Natutuhan na rin niya ang sining ng pakikipagnegosasyon pagdating sa creative na nilalaman ng akda, lalo pa sa mga medium ng script na pangtelebisyon o pelikula na given na maraming makikialam sa proseso. Tinatanggap niya ang mga suhestiyon, pero hindi rin ibig sabihin na kailangan niyang sundin. Minsan, nagiging maingay siya at mapilit. Minsan na itong umani ng kantiyaw kay Direktor Gil Portes. “Hoy ikaw, akala mo lagi kang nasa sarili mong pamamahay. Napaka-fiery mo,” puna ni Portes. Ayon kay Portes, kagulat-gulat daw ang aksiyon ni Mother dahil may reputasyon itong mabagsik (subtitle: nambabato ng anumang madadampot sa tabi, lampshade man o ashtray). Pero sa pagkakataong iyon, hindi raw ba niya nakita, dahan-dahan lang itong nagbaba ng telepono para marinig lahat

ng pinagsasasabi niya?

“Ewan ko naman kung bakit nagkaro’n ng gano’ng reputasyon si Mother,” sabi ni Bautista. “Mabait naman ‘yong tao.”

Kasal siya sa isang kapwa-manunulat, si Levy Balgos de la Cruz. Noong una’y siya ang tagahanga nito. Siya ang tagamakinilya ng mga akda nito, at hindi niya ito ikinababahala. Aktibista rin ang asawa, naabutan nila ang Unang Sigwa, at hindi maiwasang marinig niya’t makasalamuha ang iba pa nitong mga kapuwa aktibista. Hindi rin maiwasang makasama siya sa kanilang mga diskusyon, na isang anyo muli ng pag-aaral at ng eskuwela, ngunit mas mapagpalaya. Hindi niya binitawan ang kaniyang pagsusulat kahit noong mag-asawa, katunaya’y mas sumidhi pa ito. Bukod sa maiikling kuwento, bago ang pelikula o kahit ang nobela ay sinubukan niya ang larangan ng telebisyon. Si Direktor Ishmael Bernal ang unang nagbigay sa kaniya ng break. Naging seryoso na ang paglalagay ng mga thought balloons, voice over at captions sa kaniyang panulat. Tila isda niyang nalangoy ang pagsulat ng script para sa pelikula at telebisyon. Na-ban ng dating Board of Censors ang isang dulang pantelebisyon na ginawa nila ni Lino Brocka, ang ***Daga sa Timba ng Tubig*** dahil miscarriage of justice daw.

Noong 1975 ay naging co-writer siya ng ***Sakada***, ang pinaka-unang akdang pampelikula niya. Masasabi nating inihudyat ng pagpili ng paksa ang magiging kalakaran na ng kaniyang mga akda: mulat at tapat. Kinumpiska ng militar ang mga kopya ng pelikula. Sa kabila ng paghihigpit sa sensura ng batas militar kabalintunaang ginintuan ang panahong iyon ng pelikulang Filipino. Naging sunod-sunod rin ang pagluluwal ng mga obrang pumapaksa sa tunay na kalagayan ng mga ordinaryong mamamayan. Isa ang ***Sakada*** sa mga pumaksa ng malalang problemang agraryo na kinakaharap noon, at magpahanggang ngayon ng bansa, nagsilbing eksposisyon ito ng mga mapang-aping praktika ng pasahod, ang opresyon ng tiempos muertes, ang kabulukan ng tenancy system, na waring sintunadong tinig sa ibinabalandrang pagsulong ng ekonomiya ng rehimeng Marcos. Masusundan ang screenplay na ito ng ***Bulaklak sa City Jail*** (1984), ***Kung Mahawi Man ang Ulap*** (1984), at ***Sex Object*** (1985) na hinugot mula sa ***Daga sa Timba ng Tubig***. Tumabo ng maraming gawad ang ***Bulaklak***, mula sa Metro Manila Film Festival, Film Academy Awards, Star Awards, at URIAN.

Daga sa Timba ng Tubig (1975) at ***Isang Kabanata sa Buhay ni Leilani Cruzaldo*** (1987) ang ilan sa mga una niyang naisulat na dramang

pantelebisyon. Hindi naipalabas ang una; nagwagi naman ang huli ng gawad mula sa Catholic Mass Media Awards. Ang kredibilidad niya bilang matinik na manunulat sa medium ng telebisyon ang nagbukas na rin ng pinto para maging pangunahing manunulat din siya ng seryeng *Dear Teacher*, kasama si Amado Lacuesta at sa direksiyon ni Ishmael Bernal, *Mama*, sa direksiyon naman ni Mario O'Hara, at *Pira-pirasong Pangarap* ni Joel Lamangan.

Kinikilala siya ngayon bilang grand prize winner ng nobela sa Palanca, isang tagumpay na tatlong beses niyang makakamit. Ang una'y para sa *Gapo* (1980), at ang mga sumunod ay para sa *Dekada 70* (1983) at *Bata Bata Paano Ka Ginawa?* (1984). Mapapansin mula sa mga serye ng mga taon ng mga obrang ito na naging aktibo talaga siya sa pagsusulat noong dekada 80, kung saan kasagsagan rin ng pagdapo ng usaping feminismo sa larangan ng panulat. Kasagsagan rin ito ng pagtaas ng kaso ng pagkitil ng karapatang pantao. Ng lumalawak na pagitan sa buhay na tinatamasa ng mga mayaman sa mahirap. Ng pagdagsa ng mga multinational companies, ng low intensity conflict, ng pataas na pataas na inflation rate. Binuksan ni Bautista sa kaniyang panulat ang tradisyong tanggap na ngayon sa diskurso ng panitikan ng kababaihan: ang pagpapalaya ng babae ay hindi tiwalag sa usapin ng pagpapalaya ng bayan.

Wika ni Bienvenido Lumbera sa paunang salita ng *Dekada 70*: “Ang katapatan ng isang likha ay nasa pagkasapol ng awtor sa prinsipal na diwang nagbigay sa panahon ng tatak na ikinaiba nito sa nangaunang panahon. Ang diwa ng pagbabago ay siyang itinampok ni Bautista bilang tatak ng dekada 70, at ito ay kinakatawan ng sentral na sensibilidad ng akda.” (Lumbera, 1984:2) At ang sentral na sensibilidad na ito'y walang iba kundi si Amanda Bartolome: “Nakatira sa isang subdibisyon sa Kamaynilaan, ina ng pamilyang nasa panggitnang uri, asawa ng isang inhenyero, “Mom” ng limang anak na lalaki, at ang pinakamahalaga, bukas ang isip sa mga ideyang dala ng nagbabagong panahon.” (Ibid.)

Charming ang bida sa *Dekada 70* dala na rin ng tila diyalektikal niyang pag-uukil sa sarili sa bawat pagtatapos ng mga kabanata. Laging naipamumukha sa kaniya ang kaniyang kakulangan pa sa pag-aaral o pagtuklas. Nakikita ito halimbawa, sa kaisipang natutunggakan siya sa sarili sa realisyong tumatanda ang mga supling; o natutuklasan niyang sa sukatan ng materyalistang lipunan, dapat ay masuwerte ang tingin niya sa sarili, maligaya, pero bakit siya nagtatanong? Isa pa: nababangga ang mga mito ng pagkalalaki at kapangyarihan ng lalaki ng kamalayang maaaring

ipinagkakait rin ng pagka-ina niya ang pagka-ama ng kaniyang asawa. Nang matauhan siya na sangkot na nga ang panganay niya sa kilusan, ni hindi na niya magawang pigilan ito. At kahit nasasaktan, unti-unti na rin niyang tinanggap na bukod ang pagkatao nito sa kaniya. May kamalayan rin ang sensibilidad na ang dami-dami niya pang dapat na matutuhan. Isang posisyon ito na nakapagpapakumbaba ngunit nakapagpalaya rin.

Napansin ng kasama kong nakipanayam (si Romulo Baquiran Jr.) na tila may napaka-intimate na kaalaman si Bautista sa kilusan, sa mga damdamin ng mga pulang mandirigma. “Hindi naman ako nakulong, no. Ay kasi talent ‘yun,” at saka ito tumawa. Kumabig siya makaraan ng ilang saglit, isinalaysay niya noong nahuli noong 1974 si Levy. Natatandaan niyang kasabay noon ang pagdaraos ng Miss Universe Beauty Pageant sa Pilipinas. Anupa’t sa kabalintunaan ng paghahanap ng pinakamagandang babae sa lupalop ay kinakaharap ni Bautista noon ang pinakahalimaw na mukha ng diktadura sa itsura, at salaysay, ng asawa niyang natortyur. Tila binatak ng elektrisidad ang mga kalamnan at buto, malaki na nga ang mga mata lalo pang namulagat, linundagan ng mga lalaki sa dibdib, at sinidlan ng hilakbot ang diwa na nababakas sa mga matang hindi mapakali, sa katawang pagod ngunit hindi makatulog nang mahimbing. Una niya itong hinanap sa Baguio, at nagpaluwal ng pera si Ishmael Bernal para rito. Si Bernal ang isa sa mga umalalay sa kaniya sa masalimuot na panahon ng kaniyang buhay noon.

Lumipas ang mga taon, at hindi na pinunan ni Bautista ang mga detalye ng pagsasama nila ni Balgos de la Cruz. Magkasundo sila bilang mag-asawang manunulat, nagturingang magkapantay. Hindi sila nagbabasahan ng akda habang nasa proseso pa ng pagsusulat. Ayaw ni Bautista’t baka mapintasan siya. “Mas paniwala ko pa nga na mas mahusay siya sa akin. Paniwala ko ‘yon noon. Ngayon, hindi ko na kayang paniwalaan ‘yon,” sabay tawa. Hindi naman daw sila nagkakapikunan.

Ito rin ang charm na mababanaag sa pakikipanayam kay Bautista. Ang intra-intelligence na taglay ng kaniyang mga tauhan ay galing mismo sa intra-intelligence ni Bautista na mapanuri na sa usapin ng disjunct ng nakikita niya’t saloobin niya at ang kulturang kaniyang ginagalawan, kahit noong bata pa siya. “Nang mag-asawa, magtanan, ang isa kong kaibigan noong hay-iskul, ang lungkot-lungkot ko para sa kanya. Lalo na noong ipinamimigay na niya ang kanyang mga damit...parang nagtapos na rin ang



kanyang buhay.” Tila inaakay niya kami sa kaniyang pagkukuwento sa isang eksena: naroon siya, kasama ang kaibigan, sa isang silid, nakalatag ang mga bestidang maaaring paborito pang suotin noon ng kaniyang best friend. Ngunit ngayo’y ipinamimigay, dahil hindi na iyon *siya*.

Palatanong rin siya maging sa usapin ng sex, at sa isang bahagi ng ***Dekada 70***, halos mapangiyi ka at mangiti ng sabay sa katapatan ng tinig na mababasa:

“Noong mga panahong iyon – ewan ko ba kung sino ang naglagay sa isip namin – na hindi raw kami dapat mag-isip ng sex dahil mauuwi iyon sa pakikialam namin sa parte ng aming katawan na bawal hawakan, at yon, sabi nila, ay nakakatighiyawat. Kaya wala akong mukhang maiharap sa tao nong una akong nagkatighiyawat, dahil itinuring ko iyong parusa sa pakikialam ko sa aking sariling katawan. Kami noon ay ni walang karapatan sa sarili naming katawan.” (Bautista, 1983:21)

1983 niya ito naisulat, at marami nang nailuwal na antolohiya’t indibidwal na koleksiyon ng women’s writings sa ngayon na nakapagsasalita na rin ang mga babae tungkol sa sarili nilang mga katawan. Mismong si Bautista’y nakasulat ng erotic na tula na pinamagatang “***Dyugdyugan***”. Nangiti ang live audience sa poetry reading book launch nang binasa pa lang niya ang pamagat. Pumatok ito, bumagay ang “gaspang” at “angas” ng wika’t diwa sa layuning mapagpalaya sa kasarian at sexualidad. Nakakatuwang malaman na kaya pala niya ito nailuwal ay bunsod na rin ng poetry challenge. Tuwing nagkikita-kita kasi silang mga ka-womenan, o magkakaibigang mga makata na sina Marra Pl. Lanot, Benilda Santos, Lilia Quindoza Santiago, Ruth Elynia Mabanglo, Aida Santos, lahat may dalang tula. Siya lang ang wala. “Nakikinig lang ako, kaya sabi ko, ‘tay kayo sa susunod. Parang si Jimmy Santos ba, nag-perform sina Jose Manalo noong nakaraan at sa Sabado naman sa kanya naman ang abangan. Pagkatula ko, pumatok naman.” May iba pa siyang mga tulang naisulat. May nalimbag rin siya sa antolohiyang ***Voices of Asia***, pero kay Marra lang daw niya ito ipinababasa. Ang iba ay unpublished pa.

Asiwa rin siya na bansagang basta feminist na hindi naisasakonteksto. “Kapag sinabing feminist kasi parang may negative na pagkaintindi ‘yung iba.” May narinig rin daw siyang komento sa women’s desk ng Screenwriters’ Guild na: “Bakit naman ako sasali diyan, masaya namin kami sa mga asawa namin?” Nakakataas ng kilay, wika ng mukha niyang tumingin sa amin. Para

sa kaniya, nakalulungkot ang derogatory attitude na ito, sapat para masabi niya na “May mga babaeng mga lalaki rin kung mag-isip, kaya’t kailangang itaas-taas ng konti ang consciousness.” Bukas siya maging sa pagsulat ng akda, mapa-nobela man o screenplay na tumatalakay sa gay and lesbian issues. Lumapit raw si Portia Ilagan sa kaniya noon pa, noong hindi pa uso ang mga pelikula tungkol sa isyu na ito, may ipinakita sa kaniyang konsepto para sa pelikula. Higit siyang nagkainteres sa kuwento mismo ni Ilagan. Ang salaysay kung paano umiibig, nabibigo, nagne-negotiate ang mga lesbiyana sa mga patakarang heterosexualna tila muhon sa lupa. Hindi rin daw niya malilimutan nang mamatay ang manikurista niyang gay. Halos maglupasay sa pag-iyak ang boyfriend nito, hindi maawat sa dalamhati. At nangyari iyon maraming-maraming taon na ang nakararaan, noong ang takbo pa ng utak ng marami ay pera lang ang hinahabol ng lalaki sa karelasyon niyang gay.

Napag-usapan rin namin ang mga problemang kinakaharap ng mga babaeng walang access sa kanilang karapatang pangkalusugan, na isa ring anyo ng pagbawi ng karapatan sa katawan ng babae. Isa pala ito sa kaniyang mga adbokasya. May serye si Bautista ng mga nobelang isinulat para sa Linangan sa Kababaihan Inc. (Likhaan) noong 2005: *Ang Kabilang Panig ng Bakod*, *Hugot sa Sinapupunan* at *Desisyon*. Ipinamimigay ang mga novelettes sa mga kababaihan sa mga urban poor communities.

May eksena sa *Hugot sa Sinapupunan* na dramatikong ipinakikita ang pang-uuyam at pagligwak ng dangal sa kaso ng mga babaeng mahihirap na napipilitang humanap ng aborsiyonista. Hindi kailanman nila maituturing na “magandang karanasan” ang paglalaglag. Sa bahay man, sa charity ward ng ospital o sa isang klinikang tago, pare-pareho ang karanasan ng degradasyon. At hindi nangangahulugang mas makatao ang mga nasa medikal na propesyon. Animo’y hayop ang katawan, walang karapatang tumutol. Kung kaya’t ironikong naibulalas ng bida na “kung sakit ang pag-uusapan, hindi naman talaga ganoon kasakit ang magpalaglag.” (Bautista, 2005:19) Muli, tapat ang pagsapol sa karanasan, dulot rin ng detalyadong pagpinta ng milieu na pinamumulaklakan ng patagong pagpapalaglag. Isang open secret na lugar na “sikat” at madaling matalunton sa tamang pagsabi ng password at paghahanap ng landmarks, lugar man iyon ng informal settlers o bilihan ng abortifacient sa bisinidad ng Quiapo church.

Kapansin-pansin rin sa serye ng mga novellang ito na ang formulang

sinusundan ni Bautista’y kulturang popular. Buklatin ang *Desisyon*, at ang mababasa’y isang kakatwang baryasyon ng chick lit na umusbong sa bookshelves ng canon sa Kanluran: ngunit sa halip na magkita kita ang mga babaeng magkakaibigan para pag-usapan ang fashion, sex, at love life, ang mga babae sa *Desisyon* ay higit na nakararanas ng internal na pagbibiyaha: kung bakit masalimuot ang karanasan ng pagbubuntis sa bawat isa sa kanila, kung bakit ang pag-ibig ay usapin rin ng materyal. Buklatin ang *Hugot sa Sinapupunan* at may deskripsiyon ng mga laundromat na nalalagusan ng babaeng mahirap bilang “human washing machine”. Papatok ang mga babasahing ito sa kasalukuyan, lalo pa ngayon sa kainitan ng debate sa RH bill, sabi ko kay Bautista. Ay oo, sang-ayon niya. Isang mang-aawit mula sa isang kilalang banda noong 1970s ang naalala niya: dinurugo na pala’y ni hindi namamalayan, tuloy pa rin ng pag-awit sa show. Nagpalaglag pala ito nang patago ngunit hindi maaring mapalampas ang show kinagabihan. (At ang buong akala ko pa naman ay drama lang ng mang-aawit ang pait ng mga liriko, may literal palang pinaghuhugutan.)

IT’S A MAN’S WORLD?

MARAMI PA SIYANG MGA PANGARAP SULATIN, NGUNIT TILA MAS NAKASENTRON na ngayon sa paglikha ng screenplay. Ginawan niya ng screenplay ang *‘Gapo* bilang rock opera ilang taon na ang nakararaan dahil simula’t sapul, pangarap niya ito bilang isang straight musical play. Pero nakatago pa ito, sabi niya; hindi ko inilalabas. Nasusubaybayan rin niya ang mga film projects ng mga kabataang filmmaker, at generous siya sa pagpuri ng kaniyang mga nagugustuhang mahuhusay. Ito rin marahil ang parang pay-it-forward niya sa pagkanlong sa kaniya ng mga maalamat na pigura sa panitikan, pelikula at kulturang popular: mga tulad nina Gervacio Santiago, Liwayway Arceo, Ligaya Perez, Clodualdo del Mundo, Sr., Celso Carunungan, Ishmael Bernal, Bienvenido Lumbera, Mars Ravelo. Si Ravelo’y nangahas na pasulatin siya ng komiks at artikulo, wala nang editing, “Pinipirmahan na lang at ipinapasa sa accounting.” Lalo siyang ginanahan sa pagtitiwalang ito. Napakalaki ng malasakit ni Ravelo sa survival ng industriya ng komiks na binili nito mismo ang Bulaklak Publications para hindi lang iyon magsara, at dahil doon, naibenta’t naisangla niya ang marami niyang property. Si Bernal naman ang nagbigay ng break sa kaniya sa telebisyon. Siya rin ang nagpakilala kay Bautista kay Oscar Miranda, na executive producer noon

ng tv show na “Sumasainyo: Gloria Romero”. Dahil sa naging bukas ang mga taong ito sa pagbibigay ng oportunidad at tiwala, na tila pinulsiuhan lamang ang kaniyang kakayahan kaya hindi rin niya masyadong pinapansin ang mga armchair critics na sa tingin niya’y nag-oover-analyze. “Sa akin kasi, sapat na matatamaan ang puso mo, masakit. Sumasakto.”

Hangga’t maari, gusto niyang maging awtentiko: sa paksa, sa tauhan, sa wika. Sa pagsusulat ng dialogue, halimbawa, pinakikinggan niya ng paulit-ulit ang dayalog, hindi na baleng magmukhang sira kung nagsasalita nang walang kausap. Nakaengkuwentro siya ng ilang isyu pagdating sa awtensidad ng wika sa *Liwayway*. Halimbawa ang paglalangkap ng “putangina” sa dayalog. “Napaka anti-woman nga, pero hindi mo sisilipin sa ganyan e. Ganyan naman mag-usap ang mga tao sa lugar namin sa Tondo.” Nakakatulong rin sa paghahagip ng dayalog ang pakikinig sa kung paano magsalita ang mga tao: at saan pa the best mapakinggan iyan kundi sa tapat ng bintana?

Sa lahat rin ng gawa niya, nasa proseso man ng pagsusulat o nasa proseso ng produksiyon na kasalamuha na ang ibang kapuwa artists at kamanunulat, importante kay Bautista na may respetuhan ang mga magkakasama. May mga mapagsamantala rin na nasa industriya ng panulat, at maaga siyang namulat dito. Noong bata pa siya halimbawa, kinuha ng isang publisher ang isang istorya niyang nalathala sa *Liwayway* kasama ang istorya ng iba pang awtor. Binayaran ng tig-isandaang piso ang bawat awtor. Tumanggi si Bautista, gayundin ang kaniyang kapatid na si Marilag na kinuhanan din ng maikling kuwento. Bata man siya noon, alam niya ang halaga ng paghingi ng permiso, “Kasi kuwento ko ‘yon.” Pinayuhan siya ng kaibigang abogado na kumuha ng sulat sa editor upang magsilbing ebidensiya na hindi nagpaalam ang publisher. Binulungan siya ni Mang Basyong na dapat si Clodualdo del Mundo ang gumawa ng sulat. Dagdag na bulong naman ni Ligaya Perez, huwag mo nang asahang igagawa ka niya ng sulat, ikaw na ang mag-draft at ipapirma mo na. Tinulungan pa siya ni Ligaya Perez kung ano ang ilalagay. Tamang-tama na dumating si Clodualdo del Mundo, Sr. Nag-alangan ang senior writer. Singit si Ligaya Perez ulit at sinabi kay Del Mundo: “Pirmahan mo na, hindi ka naman titigilan niyan.” Pinirmahan na nga, at dahil doon, nabayaran si Bautista, pati ang kaniyang kapatid, ng tig-isang libong piso.

Nakilala si Bautista sa reputasyong palaban. Kapag tinawagan na siya at nasabi na maaari nang makolekta ang voucher o tseke, aasahan niya ito. Kaya nang sabihin ng kahera ng magasing *Tagumpay* na makukuha na niya

ang pera niya, batambata pa siya noon, umasa siya na ibibigay ang kaniyang tseke. Iyonpala, hindi pa handa ang voucher. Leave no hostages ang tindig ni Bautista, nagsumbong siya kay Celso Al. Carunungan. Nagbanta na hindi aalis nang hindi nakukuha ang pera niya. Absent pa naman ang accountant. Ang ginawa ni Carunungan, siya na mismo ang nag-issue ng tseke kay Bautista.

Noong dalaga pa si Bautista, at malapit nang magdisiotso, medyo kinakabahan na siya noong wala pang nanliligaw sa kaniya. “Pangit ba ako?” tanong niya. Marahil ang katapatan niya, ang tiwala sa sarili ang binasa bilang panganib ng mga tao sa paligid niya. Dati, tinutukso siya ng ibang mga manunulat at artist sa isang pamangkin ni Liwayway Arceo. “Naku, ayokong maging manugang ‘yan,” sabi ni Aling Lily, sabay tawa. “Pero mahal naman ako ni Aling Lily,” pakli ni Bautista. Lagi itong may regalo sa kaniya tuwing Pasko. Mga regalong likha ng kamay. Pumunta pa ito sa burol ng tatay niya na ikinagulat pa niya. Kinutuban daw si Aling Lily na tatay niya ang namatay, dahil may Lualhating nakalista sa mga pangalan ng naiwang anak na lumabas sa obitwaryo ng isang diyaryo.

Love her or hate her, iisa lang ang Lualhati Bautista ng ating panitikan: ang awtor ng mga nobela, screenplay, teleplay, kuwento at tula na sapol ang sensibilidad ng kaniyang panahon. Tama ang yumaong Odette Alcantara sa “paliwanag” niya ng pangalan ni Bautista: “Lualhati dahil naluwal na ang pighati. Pero walang katotohanan na ang ibig sabihin ng pighati ay malungkot na baboy.”